



**Mga Madalas Itanong at Sagot sa
Direktoryo ng Pangunahing Pangangalaga
para sa Publiko**

(binago noong Hulyo 2024)

Mga Nilalaman

1. Mga Pangkalahatang Katanungan	3
1.1. Ano ang Pangunahing Pangangalaga?	3
1.2. Ano ang Direktoryo ng Pangunahing Pangangalaga?	3
1.3. Sino ang karapat-dapat para sa pagpapatala sa Direktoryo?	3
1.4. Paano ko magagamit ang Direktoryo?	3
1.5. Gaano kadalas binabago ang Direktoryo?	3
1.6. Bakit may ibang pangalan sa bracket sa likod ng pangalan ng ilang mga pangunahing tagapag-alaga?	4
1.7. Bakit pinapayagan lamang ng Pamahalaan ang mga medikal na propesyonal na nakatala sa Direktoryo na makilahok sa mga pangunahing programa sa pangangalagang pangkalusugan na tinutustusan ng pamahalaan?	4
1.8. Kung ang medikal na propesyonal na palagi kong kinokonsulta ay hindi nakatala sa Direktoryo, ano ang mangyayari sa akin?	4
2. Mga bagay na teknikal	5
2.1. Ano ang kinakailangan ng sistema para sa paggamit ng Direktoryo?	5
3. Makipag-ugnayan sa amin	5
3.1. Sino ang maaari kong kontakin kung kailangan ko ng karagdagang impormasyon?	5

1. Mga Pangkalahatang Katanungan

1.1. Ano ang Pangunahing Pangangalaga?

Ang pangunahing pangangalaga ay ang unang antas ng pangangalaga sa buong sistema ng pangangalagang pangkalusugan at ang unang punto ng pakikipag-ugnayan para sa mga indibidwal at pamilya sa isang patuloy na proseso ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pangunahing pangangalaga ay nagbibigay ng komprehensibo, nakasentro sa tao, tuloy-tuloy at magkaka-ugnay at pag-iwas na pangangalagang malapit sa komunidad kung saan nakatira at nagtatrabaho ang mga tao.

Ang pangunahing pangangalaga ay nakakatulong sa kalusugan ng populasyon at sumasaklaw sa malawak na hanay ng mga serbisyo na kinabibilangan ng:

- pagtataguyod sa kalusugan;
- pag-iwas sa mga talamak at malalang sakit;
- pagtatasa ng panganib sa kalusugan at pagkilala sa sakit;
- paggamot at pangangalaga para sa talamak at malalang sakit;
- suporta sa pamamahala sa sarili; at
- pangrehabilitasyon, pangsuporta at kalmadong pangangalaga para sa may kapansanan o mga sakit na nasa huling yugto.

1.2. Ano ang Direktoryo ng Pangunahing Pangangalaga?

Ang Direktoryo ng Pangunahing Pangangalaga ("ang Direktoryo") ay isang elektronikong database na nakabatay sa websayt na naglalaman ng impormasyon sa pagsasanay at propesyonal na kwalipikasyon ng mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa komunidad upang mapadali ang publiko na maghanap ng kanilang sariling mga doktor, dentista at mga propesyonal sa Tsinong gamot.

Ang Direktoryo ay unang inilunsad noong Abril 2011 na may mga kahaliling direktoryo para sa mga doktor at dentista; na sinusundan ng kahaliling direktoryo para sa mga propesyonal sa Tsinong gamot na inilunsad noong Oktubre 2012.

1.3. Sino ang karapat-dapat para sa pagpapatala sa Direktoryo?

Ang mga rehistradong doktor, dentista at nagsasanay na propesyonal sa Tsinong gamot (CMP) sa Hong Kong na nakatuon sa pagbibigay ng direktang pagkuha, komprehensibo, tuloy-tuloy, magkaka-ugnay at nakasentro sa tao na mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga ay karapat-dapat para sa pagpapatala sa Direktoryo.

1.4. Paano ko magagamit ang Direktoryo?

Maaari mong gamitin ang kakayahan sa paghahanap sa Direktoryo at batay sa iyong pamantayan sa pagpili, gaya ng lokasyon ng klinika, oras ng pagbubukas ng klinika, atbp. upang makahanap ng doktor sa pangunahing pangangalaga, dentista o propesyonal sa Tsinong gamot (CMP) na nababagay sa iyo.

Kung mayroon na kayong doktor ng pamilya, dentista o CMP, maaari mo ring hanapin ang kanilang nabagong impormasyon sa Direktoryo.

Mangyaring sumangguni sa "[Demonstrasyon sa Paghahanap](#)" sa websayt para sa mga detalye.

1.5. Gaano kadalas binabago ang Direktoryo?

Maaaring baguhin ng mga nakatalang pangunahing tagapag-alaga ang kanilang impormasyon sa online anumang oras. Maaari mong tingnan ang "Petsa ng Huling Pagbabago" na ipinapakita sa ibaba ng pahina ng websayt ng indibidwal na pangunahing tagapag-alaga sa Direktoryo.

1.6. Bakit may ibang pangalan sa bracket sa likod ng pangalan ng ilang pangunahing tagapag-alaga?

Para sa mga doktor at dentista, ang pangalang makikita sa bracket ay ang karaniwang ginagamit na pangalan o pangalang Kristiyano; habang para sa mga propesyonal sa Tsinong gamot, ang pangalan sa bracket ay ang pangalang "Also Known As" na nakapaloob sa Listahan ng mga Propesyonal sa Tsinong Gamot na pinananatili ng [Konseho ng Tsinong Gamot ng Hong Kong](#).

1.7. Bakit pinapayagan lamang ng Pamahalaan ang mga medikal na propesyonal na nakatala sa Direktoryo na makilahok sa mga pangunahing programa sa pangangalagang pangkalusugan na tinutustusan ng pamahalaan?

Ito ay kinakailangan para sa mga medikal na propesyonal na nakikilahok sa Iskema ng Pagbabakuna na tinutustusan ng pamahalaan, Programang Pagbabakuna sa Tahanan ng Residential Care, mga serbisyo ng Sentro ng Kalusugang Pandistrito at pati na rin ang Iskema ng Chronic Disease Co-Care Pilot na maitala sa Direktoryo. Inirerekomenda ng Blueprint ng Pangunahing Pangangalagang Pangkalusugan na ang lahat ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay dapat na itala sa Direktoryo. Dagdag pa sa rekomendasyon, pinalawig ng Pamahalaan ang may-katuturang pangangailangan upang masakop ang lahat ng mga pangunahing programa sa pangangalagang pangkalusugan na tinutustusan ng pamahalaan, ibig sabihin, kasama ang Iskema ng Voucher sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Matatanda, Programang Pagsusuri ng Colorectal Cancer at Programang Pampublikong-Pribadong Pakikipagsosyo ng Klinika ng General Outpatient simula sa ika-6 ng Oktubre 2023. Ang ganitong pamanatayan ng mga kaayusan sa iba't ibang mga programang may subsidiya ay maaaring matiyak na ang mga medikal na propesyonal na nakikilahok sa mga programa ay tumatanggap ng patuloy na medikal na edukasyon na may kaugnayan sa kanilang disiplina, sa gayon ay nagpapahusay sa kalidad ng kasiguruhan ng mga pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sa katagalan, unti-unting palawigin ng Pamahalaan ang aplikasyon ng pangangailangang ito sa iba pang pangunahing propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

1.8. Kung ang medikal na propesyonal na palagi kong kinokonsulta ay hindi nakatala sa Direktoryo, ano ang mangyayari sa akin?

Kung ang medikal na propesyonal na regular mong kinokonsulta ay hindi pa nakatala sa Direktoryo sa pagtatapos ng dalawang buwang palugit (ibig sabihin, ika-6 ng Disyembre 2023 at pagkatapos nito), hindi na niya magagawang mag-alok ng mga serbisyon may subsidiya sa kanilang mga pasyente sa ilalim ng Iskema ng Voucher para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng matatanda, ang Programang Pagsusuri ng Colorectal Cancer at Programang Pampublikong-Pribadong Pakikipagsosyo ng Klinika ng General Outpatient.

Kung ikaw ay nakikinabang mula sa nabanggit na mga programang may subsidiya, dapat kang magtanong sa iyong mga medikal na propesyonal o suriin sa online (<https://apps.pcdirectory.gov.hk/public/EN>) upang kumpirmahin kung ang iyong mga medikal

na propesyonal ay nakatala sa Direktoryo, sa gayon pagtiyak na maaari kang magpatuloy na makatanggap ng mga nauugnay na serbisyong may subsidiya sa pamamagitan ng parehong mga medikal na propesyonal sa hinaharap.

2. Mga bagay na pangteknikal

2.1. Ano ang kinakailangang sistema para sa paggamit ng Direktoryo?

Ang Direktoryo ay karaniwang napapatakbo sa mga sumusunod na kumbinasyon ng mga sikat na sistema ng operasyon at mga browser:

	Microsoft Windows 10	Mac OS
Microsoft Edge	✓	
Google Chrome	✓	✓
Mozilla Firefox	✓	✓
Safari		✓

Sa pangkalahatan, kailangan mo ring paganahin ang mga sumusunod na bagay ng software sa iyong browser:

- JavaScript
- Mga cookies
- TLS

3. Makipag-ugnayan sa amin

3.1. Sino ang maaari kong paki-ugnayan kung kailangan ko ng karagdagang impormasyon?

Maaari kang makipag-ugnayan sa Komisyon ng Pangunahing Pangangalagang Pangkalusugan ng Kawanihan ng Kalusugan sa pamamagitan ng sumusunod na paraan:

Numero ng Telepono: 3576 3658
Numero ng Fax.: 3583 4549
Adres ng Email: phcc@healthbureau.gov.hk
Adres: Komisyon ng Pangunahing Pangangalagang Pangkalusugan
Kawanihan ng Kalusugan
Ang Pamahalaan ng Hong Kong Special Administrative Region
Unit 1505-06, 15/F, THE HUB
23 Yip Kan Street, Wong Chuk Hang, Hong Kong